

# Silip sa Kuwento ng mga Guro: Aprehensyon at Paghahanda sa Panahong Pandemya

Felisa D. Marbella, PhD<sup>1</sup>, Ritzelda A. Deri, PhD<sup>2</sup>

Sorsogon State University, School of Graduate Studies, Sorsogon City  
felymarbella03@gmail.com<sup>1</sup>, ritzeldaagnes2004@yahoo.com<sup>2</sup>

Asia Pacific Journal of  
Management and  
Sustainable Development  
Vol. 10, No. 3, pp. 9-17  
September 2022  
Lumina Special Issue  
ISSN 2782-8557 (Print)

*Date Received: November 3, 2021; Date Revised: January 20, 2022*

**Abstract** - This study identified the stories of each teacher on the teaching preparations made during the pandemic. This study is a qualitative research that used descriptive-analytical method. The main source of data is from the generated story of the teachers. Participants were teachers who teach pre-school, elementary, secondary, college, and graduate school in public and private schools in Sorsogon province. Random sampling was the method used to identify participants. Teachers developed an article on which to determine the required data. An online unstructured interview was also conducted with the participants to supplement the required data. The generated works were analyzed and interpreted.

It was discovered that the teachers created different stories in their preparation for teaching. There are factors that affect the preparation for the new normal teaching in their mental aspect, emotional aspect, financial aspect, and physical aspect. National, local, and institutional agencies have taken steps to prepare instructional teachers and students for their learning. A literary folio has been developed which contains the generated works related to the experience of the teachers in their preparation for the teaching to be done.

**Keywords:** apprehension, pandemic period, peek, preparation, story

**Abstrak**- Natukoy sa pag-aaral na ito ang mga kuwento ng bawat guro sa mga ginawang paghahanda sa pagtuturo sa panahon ng pandemya. Ang pag-aaral na ito ay isang kuwalitatibong pananaliksik na ginamitan ng pamamaraang deskriptib-analisis. Ang pangunahing pinagkuhanan ng mga datos ay mula sa nabuong kuwento ng mga guro. Ang mga kalahok ay mga guro na nagtuturo sa pre-school, elementary, sekundarya, kolehiyo, at paaralang graduwado sa mga pambuliko at pribadong paaralan sa lalawigan ng Sorsogon. Random sampling ang ginamit na pamamaraan sa pagtukoy ng mga partisipant. Bumuo ng isang akda ang mga guro na siyang pinagbatayan upang matukoy ang mga kailangang datos. Nagsagawa rin ng online unstructured na pakikipanayam sa mga partisipant upang madagdagan ang kailangang mga datos. Inanalisa at binigyang interpretasyon ang mga nabuong akda.

Natuklasan na iba't ibang kuwento ang nabuo ng mga guro sa ginawa nilang paghahanda sa pagtuturo. May mga salik na nakaapekto sa paghahanda sa bagong normal na pagtuturo sa kanilang aspektong mental, aspektong emosyonal, aspektong pinansyal, at aspektong pisikal. Ang mga ahensyang nasyonal, lokal, at institusyonal ay may mga ginawang hakbang upang maihanda ang mga guro sa pagtuturo at mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto. Nabuo ang isang literary folio na kung saan nakapaloob dito ang mga nabuong akda na may kaugnayan sa naging karanasan ng mga guro sa paghahanda nila sa gagawing pagtuturo.

**Mga susing salita:** apprehension, paghahanda, panahong pandemya, kuwento, silip

## PANIMULA

Isang malaking isyu sa gitna ng panahon ng pandemyang ating kinakaharap sa kasalukuyan ang mga problemang umuusbong tungkol sa edukasyon. Iba't ibang paraan ng mga paaralan at ahensya ng gobyerno ang ginagawa sa pagtugon sa nasabing sitwasyon. Ginagawa ng ating gobyerno ang lahat upang maipagpatuloy ang edukasyon sa ating bansa.

Isa rito ang pagtuturo sa bagong normal na sitwasyon. Maaaring ipagpatuloy ang edukasyon kahit nasa bahay lamang ang mga bata sa pamamagitan ng

online class ngunit ito may kaakibat na suliranin dahil hindi lahat ng mga mag-aaral ay may sariling mga kagamitan para dito. Para lamang hindi huminto ang mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral isinagawa rin ang modular learning kung saan maaaring maipagpatuloy ang edukasyon kahit na walang internet sa bahay. Gumawa ng mga hakbang ang mga paaralan para sa pagtaguyod at pag-aalaga ng kalusugan at kaligtasan ng mga mag-aaral, guro, kawani, at mga nakapalibot na komunidad nang pantay-pantay hangga't maaari.

Ayon nga sa Departamento ng Edukasyon, ang mga pagsusumikap at patakaran ay nakaangkla sa paglilingkod sa kapwa Pilipino, at ang pagtitiyak sa kaligtasan ng ating mga mag-aaral, guro, at kawani ay unang isinasaalang-alang sa ating mga polisiya. Haharapin ang 'bagong normal' ng may kahabagan, sensibilidad, at pagiging makabayan upang ang paraan ng pag-aaral ay hindi maging isang pasanin para sa mga magulang, mga anak, at guro ngunit isang pag-asa sa gitna ng krisis. Sa kabila ng mga hamon na tatahakin. Sisiguraduhin natin na magkakaroon ng balanse sa pagitan ng pagbibigay ng kalidad ng edukasyon at pag-aaruga sa bawat isa [1].

Tinawag ito na *new normal* sapagkat iba ang sitwasyon sa pamumuhay ng mga tao at lalo na sa edukasyon [2]. Ang pag-aaral ay hindi na kailangang *face-to-face* ang guro at mga mag-aaral dahil sinasabing marami nang paraan upang matuto ang isang bata kahit ito ay nasa loob lamang ng kanilang tahanan tulad ng *online* kung saan ay maaari lamang gumamit ng gadgets gaya ng telebisyon, laptop, radyo, at iba pa. Maaari ding gumamit ng modyul na kung saan ay kukunin ng mga magulang sa paaralan at maaaring tulungan ng barangay ang mga guro para ito ay maibigay sa mga mag-aaral. Dahilan para masabi natin na hindi maituturing na sagabal ang pandemya para hindi matuto ang mga mag-aaral kahit hindi nila kailangang pumunta sa mismong paaralan.

Ang paggamit ng Modular Distance Learning (MDL) at Online Distance Learning (ODL) ay bahagi ng Learning Continuity Plan ng DepEd na batay sa DepEd Order No. 12, s. 2020 [3]. Ito ay pagpapatuloy ng pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sa kabila ng pandemya na naranasan ng bansa. Ang mga paaralan ay ilang buwan ding pinatigil ang operasyon batay na rin sa Presidential Proclamation No. 929 s. 2020 [4] na nagdedeklara ng *state of calamity* sa buong Pilipinas dahil sa Corona Virus Disease 2019. Kahit dumanas ng pandemya ang bansa kailangan pa ring ipagpatuloy ang pagbibigay ng kalidad na pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral.

Batay sa Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas, 1987 sa Artikulo XIV Seksyon 1, dapat pangalagaan at itaguyod ng estado ang karapatan ng lahat ng mga mamamayan sa mahusay na edukasyon sa lahat ng antas. Dapat magsagawa ng angkop na mga hakbang upang matamo ng lahat ang gayong edukasyon. Ang nabanggit na batas ay mababasa rin sa Republic Act (RA) No. 10533 o ang Enhanced Basic Education Act of 2013 [5].

Napakalaki ng papel na ginagampanan ng mga guro sa pagkatuto ng mga bata. Nakasalalay din sa mga guro ang ikakatagumpay ng *learning modalities* na inilatag ng pamahalaan. May pangambang nararanasan subalit patuloy pa rin sila sa pagharap sa hamon ng

edukasyon. Ang iba't ibang guro ay gumagamit ng iba't ibang mga platform para sa pagsasagawa ng online at modular na pagtuturo [6]. Ito ang nais na alamin ng mananaliksik sa pag-aaral. Sisilipin ang mga kuwentong nabuo sa kanilang pagkatao habang may aprehensyong nadarama sa paghahanda ng gagawing pagtuturo at pagbabahagi ng kanilang kaalaman sa mga batang naghahangad na matuto.

Mahalaga na patuloy at manatiling handa ngayong taon ang mga guro upang pagsilbihan ang mga pamilya na nagtitiwala na dapat protektahan ang patuloy na pag-aaral ng mga bata. Kapag ito ay napanindigan, maraming epektibong paraan ang lulutang upang ihatid ang edukasyon sa mga bata lalo na sa mga kapuspalad na mas nangangailangan nito sa kasalukuyang panahon.

### **LAYUNIN NG PAG-AARAL**

Layunin sa pag-aaral na ito na matukoy ang mga kuwento ng bawat guro sa mga ginawang paghahanda sa pagtuturo sa panahon ng pandemya. Sinagot sa pag-aaral na ito ang: 1). mga kuwentong nabuo 2). salik mula sa kuwento na nakaapekto sa kahandaan sa bagong normal a. aspektong mental, b. aspektong emosyonal, c. aspektong pinansyal, at d. aspektong pisikal 3). ginawang aksyon ng ahensyang institusyonal, lokal, at nasyonal. 4) suliraning kinaharap ga mga guro sa ginawang paghahanda.

### **MGA KAGAMITAN AT PAMAMARAAN**

Ang pag-aaral na ito ay isang kuwalitatibong pananaliksik na ginamitan ng pamamaraang deskriptib-analisis. Ang pangunahing pinagkuhanan ng mga datos ay mula sa nabuong kuwento ng mga guro. Ang mga kalahok ay mga guro na nagtuturo sa pre-school, elementarya, sekundarya, kolehiyo, at paaralang graduwado sa pampubliko at pribadong paaralan. *Random sampling* ang ginamit na pamamaraan sa pagtukoy ng mga partisipant.

Bumuo ng isang akda ang mga guro na siyang pinagbatayan para matukoy ang mga kailangang datos Nagsagawa rin ng *online unstructured* na pakikipanayam sa mga partisipant upang madagdagan ang kailangang mga datos. Inanalisa at binigyang interpretasyon ang mga nabuong akda.

### **RESULTA AT PAGTALAKAY**

#### **Mga Kuwentong Nabuo**

Iba-ibang kuwento ang nabuo ng mga gurong nagtuturo sa pre-school, elementarya, sekundarya, kolehiyo, at paaralang graduwado sa paghahanda sa pagtuturo sa panahon ng pandemya. Magkaiba-iba man ang mga kuwentong nabuo o di kaya ay halo-halo ito, tiyak dulot nito ay katagumpayan sa gagawing pagtuturo. Ayon nga kay Astillero, sa krisis na kinakaharap ng

buong mundo, haharapin ng mga guro ang mga nakaambang hamon sa pagtuturo [7]. Tatayo upang magbigay pag-asa sa kabataan sa gitna ng krisis panghaharapin. Patuloy na kumakatok ang wagas na paglilingkod upang patuloy na mabubuksan ang kamalayan sa bawat kabataang Pilipino.

Narito ang ilang kuwento ng mga guro:

#### **Pre-School**

**Guro 1:** “*Di na ako nagulat sa kanilang reaksyon. Sapagkat ng una pa lang ay alam ko na ang kanilang magiging tugon. Halos hindi lahat ay makakilos at makapagsalita. Sino ba ang mag-aakala na haharap tayo sa ganitong sakuna? Natapos ang taong panuruan 2019-2020 walang seremonyang naganap tulad ng nakasanayan dati. Bagay na nakapagpalungkot sa mga mag-aaral. Buti na lamang mayroong Group Chat at kahit papaano’y kami pa rin ay nakapag-usap. Ngayon, magsisimula naman ang pasukan, walang face to face. Online o modular mga paraan na maaaring gawin. Pulong, seminar, brainstorming mga ginawa namin para mapaghandaan ang gagawing pagbubukas ng klase. Upang maging handa kailangan gawin ito.*”

#### **Elementarya**

**Guro 2:** “*Takot ako. Parang sasabog na bulkan ang aking dibdib. Magsisimula na ang pasukan. Gaano ba ako kahanda? Gaano ba kahanda ang aking paaralan? Ayan. Tuloy na ang pasukan. Modular print, ang napili ng aming mga magulang. So print dito, print doon, sort dito, sort doon. Kulang ang coupon bond, kulang ang ink. Sira ang laptop, sira ang kompyuter. Kaya mama, tita, pinsan, ok lang bang humingi ng donation para pambili ng ink, coupon bond, at maging ng printer. Ito ang mga ginawa ko. Ito ang mga naranasan ko. Ginawa ko po ito para lamang mabigyan ko ng nararapat na gagamitin sa pag-aaral ng aking mga mag-aaral. Subalit sa tingin ko hindi pa ito sapat. Hindi sapat sapagkat ako’y naniniwala na kailangan pa rin ng mga mag-aaral ang patnubay ng mga bata kahit sila ay nasa kalinga ng kanilang mga magulang. Pero wala akong magagawa, takot ako sa COVID, takot akong mahawa at makahawa. At gusto ko mang gawin ito lalabag ako sa utos ng ating pamahalaan.*”

#### **Sekondarya**

**Guro 3:** “*Bago pa man ako maging guro, nakaranas na ako ng ‘emotional anxiety’. Napakahirap labanan sapagkat sarili mong isipan ang kalaban. Nalampasan ko ito. Kailangan mo lamang magpalakas ng iyong sarili at makakaintindi sa iyong sitwasyon. Mahirap ding ilabas sapagkat takot akong mahusgahan ng iba. Ngayong panahon ng pandemya, naramdaman kong muli ang ‘emotional anxiety’. Mahirap humarap sa hamon ng buhay. Nakikita akong tumatawa, masaya pero sa likod nito takot at lungkot ang aking nararamdaman. Subalit kailangan kung labanan ito.*”

*Salamat sa isang kaibigan na dumamay at tumulong para ang aking nararamdaman ay maiwasan, malabanan. Tinulungan niya akong magawa ang mga dapat kung gawin sa paghahanda sa pagharap sa hamon ng buhay, sa hamon ng edukasyon, Sa tulong ng ating kaibigan at sa awa ng Diyos, nalabanan ko ito ay masaya akong haharap sa aking mga mag-aaral.*

#### **Kolehiyo**

**Guro 4:** “*‘Education must continue’. Tagline ng DepEd na pinanghahawakan namin. So no choice kailangan patuloy na maglingkod. Patuloy sa paghahanda sa bawat linggo, modyul kasama ang printing at retrieval nito. Education must continue, subalit nararapat na maging ligtas tayong mga guro. Mahalin muna natin ang ating sarili. Sabi nga, ‘don’t be a victim, be a saviour’.*”

#### **Paaralang Gradwado**

**Guro 5:** “*Hindi madali ang pagharap sa bagong normal na sitwasyon sa pagtuturo lalo’t hindi napaghandaan ang ganitong sitwasyon o walang anumang educational institutions ang nakapaghanda na darating ang ganitong sitwasyon ng pagtututuro. Nayanig ang comfort zone sa istilo ng pagtuturo na dati harapang ibinibigay ang estratehiya ...subalit ngayon hindi man nakapaghanda ngunit kailangang gumawa ng paraan upang maibigay sa mga mag-aaral ang kanilang kailangan upang sila’y matuto. Mahirap man ngunit positibo naming nagawa. Nakabuo ng module at ang malaking hamon ay mag-online classes.*”

Ang nabuong kuwento ng mga guro - masaya man ito o malungkot, mahirap o madali, maganda o pangit, kanais-nais o hindi. Maikling kuwento, dagli, tula, sanaysay, *flip top* o anupaman tiyak natin na hatid nito ay pagmamahal at karagdagang kaalaman sa kanilang mga mag-aaral. Sabi nga nina Dr. Whalley at Dr. Kaur, ang mga tao kakaiba ang kapangyarihang isipin ang hinaharap at mga kaganapan bago pa sila maganap [8]. Ang maagang pag-iisip tungkol sa hinaharap ay nagbibigay din ng pagkakataong maghanda ng kalutasan. Anuman ang resulta ng ating iniisip dapat isiping hatid nito ay tagumpay sa ating ginagawa.

#### **Salik na Nakaapekto sa Kahandaan sa Bagong Normal - Aspektong Mental, Aspektong Emosyonal, Aspektong Pinansyal, at Aspektong Pisikal**

Ang mundo ay nakararanas ng krisis dulot ng pandemyang ating kinakaharap sa ngayon. Kaugnay ng krisis na ito, pagbabago ang dulot sa iba’t ibang larang ngunit mahirap man ang sitwasyon ay ipinagpapatuloy pa rin ang layunin ng edukasyon, ang magturo at matuto ang mga bata. Malaking hamon ang kinakaharap ng mga guro kung paano maghahatid ng dekalidad na edukasyon sa kabila ng distansya mula sa kanilang mag-aaral.

Nabatid sa pag-aaral na ito ang mga kadahilanan na nakaapekto sa pagtuturo ng mga guro sa mga mag-aaral.

### **Apektong Mental**

Nakapaninibago sa aspektong mental ang dulot ng bagong normal. Hindi mawawala na maapektuhan ang pag-iisip ng mga tao sa mga nangyayari sa ating paligid. Ang pagkatakot at pagiging alerto sa panahon ngayon ay normal lamang na nararamdaman ng mga tao, lalo na ng mga guro. Subalit kaliwa't kanan ang makikita nating *webinar* tungkol sa epekto ng nararanasan nating hirap sa pagharap sa mga hamon ng buhay ngayong panahon. Katulad ng programa ng Kagawaran ng Edukasyon na kung saan may mga programa sila upang maihanda ang mga guro hindi lang ngayon kundi sa mga susunod pang panahon. Kung paano haharapin ang hamon na dala ng bagong normal na pagtuturo hindi lamang sa mga guro kundi maging sa mga mag-aaral. Binigyang-pansin din ang ilang gabay kung ano ang dapat gawin upang maging handa at magkaroon ng positibong pananaw kahit na may pandemyang kinakaharap.

Ilan sa mga nararanasan ng mga guro na nakaapekto sa kanilang aspektong mental:

1. *“Nakakapraning. Siyempre kasi, nandiyan ang virus, maaaring nasa paligid lang natin. Iniisip ko na pwedeng sa pagpunta ko sa eskwelahan at pag-uwi ko delikado na may makasalubong ako na may dalang virus.”*
2. *“Gamit na gamit ang aking utak sa kaiisip kung ano ang dapat mga gawin para maihatid ang lesson sa mga bata. Nakakapagod. Kailangan ding ipahinga ang aking isip para mas makapag-isip ako ng maayos at malinaw.”*
3. *“Sa totoo lang, may mga oras na dumaranas ako ng stress at depresyon dahil sa hirap ng sitwasyon ngayon. Kawing-kawing na problema ang lumalabas at ang katotohanan na wala akong magawa sa tuwing namomoblema ang mga estudyante at nagsasabi ng kanilang mga hinaing na mas lalong naapektuhan ang aking isip lalo na ang damdamin, aking emosyon.”*

Ang mga nararanasan ito ng mga guro ay hindi lamang nararanasan ng guro sa elementarya bagkus nararanasan din ito ng mga guro sa sekondarya, kolehiyo at maging sa mataas na antas ng pag-aaral. Ayon nga kina Gorsy, Panwar at Bangalore (2015), sa pagbabago ng sosyo-ekonomik na senaryo at pagtaas ng kawalan ng hanapbuhay, ang halaga ng guro at ang kanilang propesyon ay puwersahang dumaranas ng marahas na pagbabago na lubhang nakaapekto sa kanilang

pangkalusugang mental [9]. Ang lebel ng pangkalusugang mental ng guro ay natagpuang apektado ng kanilang maraming personal at propesyonal na pangangailangan. Kung kaya't ang Kagawaran ng Edukasyon ay nakaagapay dito hindi lamang sa mga mag-aaral kundi sa mga guro. Inilabas ang Deped Order No. 014, s. 2020 na pinamagatang Guidelines on the Required Health Standards in Basic Education Offices and Schools na tumutugon sa pisikal at mental na aspekto [10]. Layon nito na makatulong sa lahat ng sangkot upang malutas at makabangong muli sa sikolohikal at pisikal na karamdaman. Sinabi nga ng UNICEF, normal lamang na makaramdam ng takot at pagkabalisa sa panahon ng COVID-19, lalo na't tumatagal ang krisis na ito [11]. Bukod sa pag-aalaga sa ating kalusugan upang makaiwas sa coronavirus, mahalaga rin na alagaan natin ang ating *mental health* habang nanatili sa loob ng bahay. Huwag hayaang malugmok sa mga negatibong naiisip at huwag mahiyang humingi ng tulong kung kailangan ito.

### **Aspektong Emosyonal**

Sa panahong biglang natigil ang lahat at tanging balita ay patuloy na pagtaas ng kaso o namamatay dahil sa isang sakit na madaling makahawa kahit kanino, hindi maiiwasan na makaramdam ng takot, pangamba, kalungkutan, at iba pang negatibong emosyon. Samu't saring emosyon ang nangingibabaw sa mga guro. Halos 90% ang binago sa paraan ng pagtuturo ay nagkakaroon ng alinlangan kung paano maitatawid ang edukasyon sa bagong normal. Walang maaaring gawin kundi ang humingi ng gabay sa ating Panginoon dahil sa makatutulong ito anuman ang ating nararamdaman. Unti-unti nitong nababawasan ang negatibong emosyon patungo sa positibong emosyon upang makatulong na tanggapin ang sitwasyon para mas gumaan ang pakiramdam.

Sa pakikipanayam na ginawa, nakararanas ng iba't ibang emosyon ang mga guro sa pagharap sa hamon ng buhay. Katulad ng:

1. *“Totoong nakaramdam ako ng panghihina, minsan pa nga kawalan ng pag-asa at may mga araw na gali tang naipupukol ko dito kay COVID. Grabe ang dala nitong sakit! Ngunit kung paiiralin ang emosyong ito, paano na?”*
2. *“Samu't saring emosyon ang nararamdaman ko, ‘hindi ako makahinga sa facemask ko’, ano ba yan, may suot ng face mask may face shield pa, baka bukas robot na kami”*
3. *“Nakaranas ako ng mild na depression at anxiety. Nariyan pa ang labis na kalungkutan.”*

*Apektado ang aking pagdedesisyon. Wala ako sa mood. Di makapag-isip ng matino.”*

Ang buhay ay talagang nakakapanghina ng damdamin kung minsan, ngunit kung talagang emosyonal na *self-reliant*, natutugunan natin ang ating emosyonal na mga pangangailangan at nakakayanan ang pang-araw-araw na mga kasiyahan at kalungkutan. Hindi ito nangangahulugan na hindi natin kailangan ng tulong kailanman. Sa halip, ang pagiging emosyonal na *self-reliant* ay pagkaalam kung kailan natin makakayanan ang emosyonal na mga pagsubok nang mag-isa at pagkaalam kung kailan natin kailangang humingi ng tuloy at suporta mula sa iba [12]. Sinasabi rin na kapag ang mga guro ay nahaharap sa mga hamon sa gagawing pagtuturo at kahirapan sa silid-aralan, tulad ng mga nakakagambala at napalayo na mga mag-aaral, gumagamit sila ng iba’t ibang diskarte upang labanan sila, at kadalasan, ang mga gurong ito ay magtatagal, na madalas na gumagamit ng taktika sa emosyon upang mapagtagumpayan ito [13].

### **Aspektong Pinansyal**

Ang pagtuturo sa bagong normal ay nagdulot ng usapin sa laman ng bulsa ng mga guro maging ito man ay *modular* o *online distance learning*. Sa kasalukuyang panibagong pamamaraan ng pagtuturo hindi maiiwasang magagamit ang sariling pera para sa panggastos ng ilang modyul ng mga mag-aaral bagaman may pondo ang paaralan kung minsan ay hindi naiiwasan ang sariling pera ay mabawasan. Sa estado pa rin ng pandemyang ating kinakaharap malaking hamon pa rin ang pinansyal na aspekto dahil kung dati ay mura lamang ang pamasaha sa ngayon ay may kamahalan dahil nga iisa ang pasaherong maaaring sumakay sa traysikel at sa dyip naman ay limitado lamang kung kaya’t doble o triple ang pamasaha. Napakalaki ng naging epekto ng *lockdown* sa usaping pinansyal. Isama pa natin dito ang hirap dahil sa nawalan ng trabaho dahil nagsara ang ilang mga paaralan lalo na ang mga pribadong paaralan. Dahil dito maraming guro ang nawalan ng trabaho lalo na’t ang DepEd ay hindi kumuha ng mga dagdag na guro.

Narito ang ilang hinaing sa mga gurong nakapanayam:

1. *“Hay naku! Magastos ngayon dala nitong lockdown at quarantine. Talaga namang lugmok ang ating ekonomiya ngayon.”*
2. *“Affected ang aking budget gawa ng kailangang magpaprint ng modyul dahil kulang naman ang binili na ibang gagamitin dahil walang suplay. At kung mayroon man kulang na kulang.”*

3. *“Dagdag gastos kasi nagpakabit ako ng internet sa bahay at dagdag load sa phone dahil pagdating sa school wala namang internet kailangan ang data para maka-search.”*

Ang mga naranasang ito ng mga guro sa kanilang pinansyal na kalagayan ay nagsilbing hamon para mas lalo pa nilang pag-isipan kung paano makatutulong sa pamahalaan lalo na sa larangan ng edukasyon. Hindi man alintana ang dulot nitong dagdag pasanin sa hirap na kanilang nararanasan basta lamang mabigyan ng magandang edukasyon ang mga bata kahit pa nga ay gumastos sila. Sabi nga nina Tullao at Dela Croce (2015), may saysay ang pagsusukat sa gastos sa edukasyon upang matantiya ang kinakailangang yaman ng mga pamilya at ng pamahalaan sa pagpopondo ng lalong mataas na edukasyon [14].

### **Aspektong Pisikal**

Nasubok ang resistensya sa dami ng trabaho ng mga guro, na mas gugustuhin pang bumalik sa dating *face to face* na pagtuturo. Puyat sa paghahanda ng presentasyon o di kaya ay pagtsek ng mga modyul. Sakit ng katawan sa pag-print at pag-sort ng modyul. Masakit na mata sa buong maghapon pagtapat sa *screen* ng *laptop* o kompyuter. Dahil sa sobrang gawain marami sa ating mga guro ang nagkakasakit. Pinaigting ng DOH ang panawagan na mag-ingat ng sarili, paalala na kumain ng masusustansiyang pagkain at uminom ng bitamina lalo na ang Vit. C, matulog nang maaga para magkaroon ng sapat na tulog at marami pang iba. Gawin ito upang iwas sakit ang mga guro.

Narito ang ilang mga daing ng mga gurong nagtuturo:

1. *“Tumaas ang grado ng aking salamin sa kakagamit n glaptop. Dagdag gastos tuloy. No choice, kailangang magpapalit. Hindi na nakakabasa kung walang salamin.”*
2. *“Ano ba yan, umaatake ang aking rayuma dahil maghapon pagod ang aking katawan. Paa, kamay, liig, likod, para ata buong katawan pagod.”*
3. *“Struggle is real. Nakakaloka, dami ngrabaho natin ngayon. Hindi matapos tapos.”*

Ang mga epektong ito sa pangangatawan tulad ng pagod, pakiramdam na latang-lata, pananakit ng ulo, mabilis na pagtibok ng puso o paglala ng dati ng mga medikal na kondisyon na nakadagdag sa *stress* na nararanasan ay maaaring mabawasan ang negatibong

epekto nito sa pamamagitan ng pag-asa sa mga normal na reaksiyon, pagsasagawa ng mga gawain na makababawas sa *stress* at paghingi ng tulong [15]. Kapag nagawa ito tiyak na gagaan ang pisikal na kondisyon sa pagharap sa paghahanda ng mga ginagawa sa pagtuturo sa mga mag-aaral. Iminungkahi rin nina Aperribail at mga kasama (2020) na upang maiwasan ang mga problema sa kalusugan ng mga guro sa hinaharap na katulad na mga sitwasyon, mahalaga na mapadali ang pagsasanay ng pisikal tulad ng paggawa ng gawain sa bahay [16]. At ang pagsasanay sa guro sa pinaghalong pamamaraang pang-edukasyon ay magiging mahalaga para sa kanilang kanais-nais na pagpapaunlad ng trabaho. Ibig sabihin lamang nito na kailangan ang tamang pag-aalaga sa katawan ng mga guro.

### **Aksyon ng Ahensyang Institusyonal, Lokal, at Nasyonal**

Magkaagapay ang mga ahensyang institusyonal, lokal at maging ang nasyonal sa mga inilatag na aksyon sa paghahanda sa gagawing pagtuturo ngayong nasa harap tayo ng pandemya. Ang pamahalaang nasyonal at lokal, DepEd, at CHED ay tulong-tulong upang mabigyan ng sapat na atensyon ang kalagayan ng mga guro at mga mag-aaral sa kanilang pagtuturo at pagkatuto. Narito ang mga aksyon ng mga ahensya:

1. *Pagtigil ng face-to-face classes at gawing blended learning para sa mga mag-aaral mula sa pre-school hanggang paaralang graduwado.*

Pansamantalang itinigil muna ng ating pamahalaan ang *face to face* na klase mula sa pre-school, elementarya, sekondarya, kolehiyo at maging sa mas mataas na antas ng pagkaklase upang makaiwas sa pagkakaroon ng sakit na COVID. Isa itong naisip ng pamahalaan, DepEd at CHED upang kahit paano ay hindi lumobo at hindi dumami ang mga magkakasakit. Mahirap para sa mga guro at mag-aaral pati na rin sa mga magulang subalit kailangang sumunod para sa kalusugan ng lahat.

Ang papel na ginagampanan ng mga guro sa panahon ng pandemya ay mas nagiging mahirap kaysa noong mayroon pang *face to face* na pagtuturo. Noon, madalas pang matuturuan ang mga bata dahil nandiyan lamang sa loob ng paaralan. Ngayon nahihirapan ang mga guro sa pagpapaintindi sa mga bata ng kanilang liksyon [17].

2. *Pagsunod sa mga health protocol, gaya ng social distancing, sanitation, at pagsusuot ng face mask at face shield, at temperature check.*

May mandato ang pamahalaan na ang lahat ay sumunod sa health protocols na ipinapatupad. Kailangan itong gawin tulad ng social distancing, paghuhugas ng mga kamay lalo na kung may hinawakang mga bagay, palagiang pagsuot ng *face mask* at gayundin ng *face shield*, at itsek ang temperatura ng katawan para malaman kung mayroon o walang lagnat. Ang mga protocol na ito ay pinagtulung-tulungang ipatupad ng mga ahensya ng pamahalaan, nasyonal man ito o lokal. Ang ganitong mandato ay napakahalaga upang maiwasan ang mga hawaan sa COVID. Iniligtas natin ang ating sarili, iniligtas din natin ang ating kapwa sa anumang kapahamakan.

3. *Paglilimita ng mga papasok sa paaralan or pagkaroon ng work scheme.*

Nilimitahan ang araw at oras ng pagpasok ng mga guro sa paaralang kanilang tinuturuan. Una, upang maiwasan ang paglabas ng bahay na maaaring magresulta na sila ay ma-ekspose sa sakit. Pangalawa, mahirap para sa isang guro na walang sasakyan ang magbyahe papunta at pabalik ng paaralan, Mahal ang pamasaha at takot na maaaring may makasalamuhang may sakit. Ginawa ito ng lokal na pamahalaan kasama ang DepEd at my basbas ng mga tagapamanihala ng paaralan upang maiiwas ang mga guro sa nakakatakot na sakit. Dinala ng mga guro ang kanilang mga ginagawa sa tahanan para doon na lamang ito gawin. *Work from home* ika nga. Ang mga gagawin sa paaralan ay gagawin na lamang sa tahanan. Saka na lamang babalik ng paaralan kung may kukuning gawain na maaring gawin sa tahanan.

4. *Pagkakaroon ng online posting ng mga kailangan sa paaralan at konsern ng mga mag-aaral.*

Halos lahat ng guro ay nagpakabit ng internet upang masuportahan ang gagawing pagtuturo at mga pangangailangan sa paaralan. Sa *online delivery learning* napakahalaga na ang isang guro ay may internet sa bahay. At dapat maalam sa gadgets na gagamitin. Kailangan niya ito sa kanyang pagtuturo. Lahat ng gagamitin niyang instruksiyonal materyal ay kanyang iaaplod sa ginawa niyang aplikasyon sa kanyang laptop. Ang mga ito ay madaling ma-access ng mga mag-aaral. Nangangahulugan lamang na lahat ng materyal na

gagamitin ay nakahanda na at nakalagay na sa kanyang laptop at sa isang pindot ay makikita at mababasa ito ng kanyang mga mag-aaral. Ang pamahalaan ay nagsagawa ng mga proyekto para lamang maturuan ang mga guro sa paggamit ng iba-ibang paraan ng pagtuturo na gagamitan ng *online* na paraan o ang paggamit ng laptop at kompyuter.

5. *Pagkakaroon ng Mental Health Publicity para sa mga nangangailangan nito.*

Tama at nararapat lamang na bigyan ng atensyon ang mga guro at ang publiko sa mga nangyayari sa ngayon. Ito ay upang ihanda sa pagkakaroon ng sapat na kaalaman sa kung ano ang nangyayari sa kasalukuyang sitwasyon ng ating kalusugan. Kinakailangang bigyan ng tamang edukasyon ang mga tao sa kung ano ang maaaring maging resulta ng pandemya na nararanasan natin ngayon. Ang pagkakaroon ng malusog na katawan ay pagkakaroon ng maayos na pag-iisip. Kailangang ipaliwanag sa tao ang tamang pagharap sa problemang nararanasan natin upang hindi tayo magkaroon ng hindi tamang iniisip na sa kalauna'y maging sakit. Kabi-kabilang panawagan sa telebisyon at sa radyo ang ginagawa ng ating pamahalaan para ipaabot ang pagsunod sa tama at hindi tama ng mga guro, gayundin ng mga mag-aaral at lalong-lalo na ng buong sambayanan.

6. *Masigasig na monitoring sa mga health protocols na ipinapatupad ng ating pamahalaan.*

Ang ahensya ng pamahalaan ay mahigpit na ipinapatupad ang tamang pagsunod sa *health protocols* na may kaugnayan sa pag-iwas sa COVID. Napalaki ng tungkulin ng pamahalaan na pamunuan ang ganitong klaseng kampanya sa bawat lugar. Kapag sama-sama ang mga ahensya ng pamahalaan sa pagpapatupad ng *protocols* na ito, tiyak na maiiwasan ang pagdami ng magiging biktima ng sakit. Maiiwasan din ang kinakaharap na problema lalo na sa ekonomiya. Nakapapagod ang palaging pagpapaalala lalo na sa mga sutil na tao subalit hindi dapat huminto ang pamahalaan sa patuloy na pagbibigay ng pabatid sa bawat isa. Nakalulungkot subalit may mga tao na hindi marunong sumunod sa mga patakaran. Subalit kung patuloy at patuloy silang sisitahin at sasabihan ng kanilang responsibilidad bilang isang mamamayan darating ang araw na susunod at tutulong na rin sila. Tiyak din na muling babalik sa normal ang pag-aaral ng mga bata.

7. *Training ng mga faculty sa pagbuo ng LMS, paggawa ng modyul at iba pang paraan para maihatid ang ginagawang pagtuturo.*

Para mapaghandaan ang gagawing pagtuturo, ang mga guro ay dumalo sa mga *webinar* na ibinigay para matutuhan ang mga makabagong pamamaraan ng pagtuturong *online* at *modular*. Iba't ibang *webinar*, mga pagsasanay ang isinasagawa upang matuto ang mga guro sa pagtuturo gamit ang *online* na pamamaraan. Nagsagawa rin ng mga pagsasanay para mas lalong mapaganda ang nilalaman ng modyul. Nagsagawa rin ng mga pagpupulong at pag-uusap para matugunan ang kakulangan sa paghahanda ng mga kakailanganing materyal sa pagtuturo at pagkatuto Lahat ng ito ay ginawa para mapaghandaan ang pagtuturo sa makabagong panahon kahit hindi sapat na yakapin ang mga pagbabagong nagaganap.

Sa pag-aaral ni Cox (2014), binanggit na ang impormasyon, media, at teknolohiya ang pangunahing pangangailangan ng kasalukuyang sistema ng edukasyon [18]. Kung bibigyan ito ng pokus, mas magkakaroon ng paglalapat sa lipunang ginagalawan ng mga mag-aaral at mas nakagagamit ng mga awtentikong kagamitan. Ang ganitong usapin ay matamang binibigyang-pansin ng pamahalaan ng sa gayon ay maisagawa ang isang dekalidad na edukasyon sa bansa kahit pa nga sinasabing mahirap itong maisagawa.

**Suliraning Kinakaharap ng mga Guro sa Ginawang Paghahanda**

Hindi maikukubli na may mga suliraning kinakaharap ang mga guro sa ginawa nilang paghahanda sa ginawang pagtuturo, maging ito ay *online distance learning* at *modular distance learning*. Marami ang nahihirapan ngayong may pandemya. Ang mga suliraning ito ay nagawan nila ng paraang mabigyan ng solusyon at ang iba naman ay humingi ng tulong sa mga kinauukulan. Samu't saring suliranin ang kinakaharap nila araw-araw.

Sinabi nga ni Labrador (2021), ang papel na ginampanan ng mga guro sa panahon ng pandemya ay mas naging mahirap kaysa noong mayroon pang *face to face* na pagtuturo [19]. Noon madaling matuturuan ang mga bata dahil nandiyan lamang sa loob ng paaralan. Ngayon, nahirapan ang mga guro na magpaintindi sa mga bata ng kanilang mga liksiyon.

Narito ang ilang suliraning kinakaharap ng mga guro sa ginawang paghahanda sa pagtuturo:

Guro 1: *"Hindi naging madali ang paghahanda sa mga gagawin ngayon sa pagtuturo. Ngayong panahon ng pandemya, lalo pa itong humirap; mas nakakapagod. Feeling ko kulang na kulang ang 24 hours sa isang araw. Mahirap, pero masaya."*

Guro 2: *"Magastos...halos wala na akong budget sa kakabili ng kakailanganing kong materyal na gagamitin sa aking pagtuturo. Oo, binigyan kami ng*

*ilang gagamitin pero kulang. Kaya no choice gagastos ka mula sa sarili mong bulsa.”*

Guro 3: “*Nakakaloka... minsan masakit na ulo ko sa paggawa ng materials like babaguhin mo ‘yong nakalagay sa module dahil hindi naman ok para sa tuturuan mo. So, inaayos namin. Masakit sa ulo ang kakaisip.”*

Ilan lamang ito sa binanggit na suliraning kinakaharap ng mga guro na kanilang nararanasang sa ngayon. Nanatiling hamon ang pandemya sa pagtuturo sa ngayon. Ngunit mas nanatili ang hangarin na buhayin ang dagitab ng pag-asa ng bawat mag-aaral. Marami mang balakid ay maaari pa rin ipagpatuloy ang pag-aaral lalo pa’t kinakailangang linangin ang kanilang inasam-asam na katagumpayan ng edukasyon.

Ang gawain ng isang guro ay mayroon at palaging magkakaroon ng kaugnayan sa lipunan. Sa pagtahak nitong bagong landas, natutuhan ng mga guro na mapagtagumpayan ang mga hamon sa kanilang paligid. Natututuhan nilang harapin ang mga panibagong kondisyon ng kanilang komunidad [20]. Sa palagiang pagsasanay, ang isang tao ay matutotong unawain ang kanyang damdamin at damdamin ng iba, maging mahinahon kaysa sa mapusok, at kaya niyang kontrolin ang kanyang emosyon [21].

#### **KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON**

Batay sa natuklasan, nabuo ang sumusunod na kongklusyon: iba’t ibang uri ng kuwento ang nabuo ng mga guro habang ginagawa nila ang paghahanda sa pagtuturo. May mga salik na nakaapekto sa paghahanda sa bagong normal sa kanilang aspektong mental, aspektong emosyonal, aspektong pinansyal, at aspektong pisikal na mas lalong nagpalakas ng pagpupursige na paghandaan ang pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang mga ahensyang nasyonal, lokal, at institusyonal ay may mga ginawang hakbang upang maihanda ang mga guro sa pagtuturo at mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto. May mga suliraning kinaharap ang mga guro sa ginawang paghahanda sa gagawing pagtuturo. Nabuo ang isang *literary folio* na kung saan nakapaloob dito ang mga nabuong akda na may kaugnayan sa naging karanasan ng mga guro sa paghahanda nila sa gagawing pagtuturo.

Bilang rekomendasyon, hikayatin pang lalo ang mga administrador ng paaralan sa pagtuon sa pinakamahusay na kinagawian at mahahalagang kunsiderasyon para maihanda ang mga mag-aaral ng K-12 para sa ligtas na pagbabalik-eskuwela. Magbigay pa ng mas marami at napapanahong impormasyon at pangngailangan ang Kagawaran ng Edukasyon para matulungan gawing ligtas muli ang paaralan sa panahon ng Covid-19. Magsagawa ng mga programang tutugon

sa pagtataguyod ng ligtas at malusog na mga tagapagturo. Himukin ang lahat na sundin at suportahan ang mga direktiba sa kalusugan at kaligtasan na pinapaunlad para sa edukasyon ng mga bata.

#### **SANGGUNIAN**

- [1] *Pahayag ng Pakikiisa ng Kagawaran ng Edukasyon.* Mula sa <https://www.deped.gov.ph/2020/05/01/pahayag-ng-pakikiisa-ng-kagawaran-ng-edukasyon/>
- [2] *Ang Edukasyon sa “New Normal” na Sitwasyon.* July 27, 2020. Sun. Star Pampanga. Mula sa [www.pressreader.com>philippines](http://www.pressreader.com>philippines)
- [3] *DO\_s2020\_012 Adoption of the Basic Education Learning Continuity Plan for School Year 2020-2021 in Light of the CoVid-19 Public Health Emergenc.y* Mula sa [https://authdocs.deped.gov.ph/deped-order/do\\_s2020\\_012-adoption-of-the-be-lcp-sy-2020-2021/](https://authdocs.deped.gov.ph/deped-order/do_s2020_012-adoption-of-the-be-lcp-sy-2020-2021/)
- [4] *Proclamation No. 929 s. 2020.* Mula sa <https://www.officialgazette.gov.ph/2020/03/16/proclamation-no-929-s-2020/>
- [5] *Republic Act No. 10533.* Mula sa <https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/republic-act-no-10533/>
- [6] Langner, Ila. (2020). *Pag-aaral sa isang virtud world: mga sistema ng pamamahla sa pag-aaral.* Mula sa <http://www.sipl.org.>blog>learn>,
- [7] Analiza P. A. (2020). *Ang guro sa harap ng pandemya.* Mula sa [www.depedmasbatecity.com](http://www.depedmasbatecity.com)
- [8] Matthwe, W. Hardep, K. (2020). *Ang buhay sa panahon ng pag-aalala at pangamba sa gitna ng pandaigdigang pag-aalinlangan.* Mula sa <https://www.psychologytools.com>
- [9] Gorsy, Chandernant, Panwar, Neeraj & Kumar, S. (2015). *Mental health among government school teachers.* The International Journal of Indian Psychology 3 (1):117-124 Mula sa <https://www.researchgate.net/publication/292154656-mental-health-among-government-school-teachers>.
- [10] *DO\_s2020\_014 Guidelines on the Required Health Standards in Basic Education Offices and Schools.* Mula sa [https://authdocs.deped.gov.ph/deped-order/do\\_s2020\\_014/](https://authdocs.deped.gov.ph/deped-order/do_s2020_014/)
- [11] *For Every Child. Paano ko aalagaan ang aking mental health sa panahon ng COVID-19.* June 2, 2020 Mula sa [www.unicef.org>stories](http://www.unicef.org>stories).
- [12] Johnson, Heather J. (2019). *14 Paraan para maibalik ang inyong emosyonal na kalusugan.* Mula sa [www.churchofjesuschrist.org](http://www.churchofjesuschrist.org)



- [13] Demetrio, H., Wilson, E., & Winterbottom, M. (2009). *The role of emotion in teaching: Are there differences between male and female newly qualified teachers' approaches to teaching?* <https://www.researchgate.net/publication/233197661>.
- [14] Tullao Jr, T. S. (2015). *Mas mahal sa UP kaysa DLSU: isang alternatibong pagsusukat sa gastos ng edukasyon*. Mula sa [https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/2019/03/professorial\\_lecture\\_-\\_alternatibong\\_pagsukat\\_sa\\_gastos\\_ng\\_edukasyon\\_-\\_6.11.pdf](https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/2019/03/professorial_lecture_-_alternatibong_pagsukat_sa_gastos_ng_edukasyon_-_6.11.pdf)
- [15] NYC Health Department (2020). *Pagharap sa stress at paglayo ng sarili sa tao (Social Distancing)*. Mula sa <https://www.nyc.gov>
- [16] Aperribail, L., Cortabarría, L.; Aguirre, T., Verche, E. & Borges, A. (2020). *Teachers physical activity and mental health during lockdown due to the covid-2019 pandemic*. <https://www.frontiersin.org/articles/10.3389/fpsyg.2020.577889/full>
- [17] Labrador, L. C. (2021). *Kalagayan ng guro sa panahon ng pandemya*. Mula sa <https://www.pressreader.com>
- [18] Cox, C.(2014). *21st Century Skills and Principles of Flow in the Foreign Language Classroom*. (Master's thesis). Brigham Young University. Provo, Portuguese.
- [19] Labrador, L. C. (2021). *Kalagayan ng guro sa panahon ng pandemya*. Mula sa <https://www.pressreader.com>
- [20] *Pagsusumikap sa kabila ng pagbabagong hinaharap Teacher for the Philippines. Paghahanda sa kabila ng pandemyang hinaharap (2020)*. Mula sa [https://teachforthephilippines.com/our\\_press/pagsusumikap-sa-kabila-ng-pagbabagong-hinaharap/](https://teachforthephilippines.com/our_press/pagsusumikap-sa-kabila-ng-pagbabagong-hinaharap/)
- [21] Whalley, M. & Hardeep, K. (2020). *Free guide to living with worry and anxiety amidst global uncertainty*. Mula sa <https://www.psychologytools.com/articles/free-guide-to-living-with-worry-and-anxiety-amidst-global-uncertainty/>

**COPYRIGHTS**

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMSD. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).